Ascension Saint Agnes

PAGKALKULA SA HALAGANG KARANIWANG SINISINGIL (AMOUNT GENERALLY BILLED, AGB)

07/01/2026

Kinakalkula ng Ascension Saint Agnes ang dalawang porsiyento ng AGB – isa para sa mga singilin sa pasilidad ng ospital at isa para sa mga bayarin sa propesyonal – na parehong gumagamit ng pamamaraang "look-back" at kasama ang Medicare fee-for-service at lahat ng pribadong insurer ng kalusugan na nagbabayad ng mga claim sa Organisasyon, lahat alinsunod sa IRSReg. Sek. 1.501(r)-5(b)(3), 1.501(r)-5(b)(3)(ii)(B) at 1.501(r)-5(b)(3)(iii). Inilalarawan sa ibaba ang mga detalye ng mga pagkalkulang iyon at mga porsiyento ng AGB.

Ang mga porsiyento ng AGB para sa Ascension Saint Agnes ay ang mga sumusunod:

AGB para sa mga singilin sa pasilidad ng ospital: 91.3% AGB
para sa mga bayarin sa propesyonal ng mga doktor: 35.2%

Kinakalkula ang mga porsiyentong ito ng AGB sa pamamagitan ng paghati ng kabuuan ng mga halaga ng lahat ng claim ng pasilidad ng ospital para sa pang-emergency at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga na pinahintulutan ng Medicare fee-for-service at lahat ng pribadong insurer ng kalusugan na nagbabayad ng mga claim sa pasilidad ng ospital (hiwalay para sa mga singilin sa pasilidad at mga propesyonal na serbisyo) sa kabuuan ng mga nauugnay na kabuuang singilin para sa mga claim na iyon. Ang tanging mga claim na magagamit upang matukoy ang AGB ay mga pinahintulutan ng isang insurer ng kalusugan sa loob ng 12 buwan bago ang pagkalkula ng AGB (sa halip na mga claim na kaugnay sa ibinigay na pangangalaga sa loob ng naunang 12 buwan).

*Sa kabila ng nabanggit na pagkalkula ng AGB, pinili ng Saint Agnes Health Care na maglapat ng mas mababang porsiyento ng AGB sa mga sinisingil para sa pasilidad ng ospital tulad ng sumusunod:
AGB: 88.2% hospital facility charges
AGB: 35.0% physician professional fees

Ascension Saint Agnes

Ascension Saint Agnes Hospital, Ascension Medical Group, Seton Imaging, Lab Outreach, Integrated Specialist Group, Radiologists Professional Services, Anesthesia Professional Services